# Ang Puso ng Punong Lingkod

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Gerald "Moski" Moscardon
Abril 20, 2024

Lahat tayo ay magbibigay sa Diyos ng detalye ng ating buhay sa Araw ng Paghuhukom. Sigurado ba tayong sasabihin sa atin ng Panginoon, "Magaling! Tapat at mabuting alipin!, halika, makibahagi ka sa Aking kagalakan" (Mateo 25:23). Ang gantimpalang ito ay posible lamang kung maglilingkod tayo sa Diyos nang buong puso.

**Ang Pinagmulan ng Serbisyo**

1.1 "**SERVIAM" - Maglilingkod Ako**. Nilikha ng Diyos ang mga anghel at ipinakita Niya ang kanilang antas ayon sa paglilingkod, hindi sa kapangyarihan. Angelos, ibig sabihin mensahero, umiiral dahil sa "SERVIAM- maglilingkod ako." Karamihan sa mga anghel ay nagsabing, "SERVIAM." Ngunit si Lucifer, ay nagsabing "NON SERVIAM." Ayaw niyang maglingkod sa Diyos.

1.2 **Utos ni Hesus ang maglingkod**. Noong Huwebes Santo, hinugasan ni Hesus ang mga paa ng Kanyang mga alagad; iniutos Niya sa kanila na maglingkod sa kapwa.

2. **Mga dahilan para maglingkod. Disipulo tayo ni Hesus:**

2.1. Dumating si Hesus upang maglingkod hindi para paglingkuran (Marcos 10:45). Siya lang ang tangi nating sasambahin at susundin.

2.2. Ang misyon ni Hesus ay gawin ang kalooban ng Ama (Juan 13:1). Kailangan din nating maglingkod at sundin ang kalooban ng Ama.

2.3. Ang paglilingkod ni Hesus ay dahil sa pagmamahal Niya sa Ama at sa lahat ng mahal ng Kanyang Ama (Juan 13:1).

3. **Ang Kalidad ng Ating Tugon sa Paglilingkod.**

3.1. Ang gawain sa Diyos ay hindi nangangailangan ng mga <u>boluntaryo</u>; tumawag si Hesus ng mga <u>maglilingkod</u> na susunod sa Kanya.

3.2. Ang punong lingkod ay naging lingkod muna.

3.3. Bilang lingkod ng Simbahan ni Kristo, tayo ay "alipin" ng Diyos, ngunit, alipin na maaaring pumili.

3.4. Kapag nag-alok ang Diyos ng kalayaan, nagbibigay Siya ng pamimilian. Pipiliin ba natin si Hesus o Satanas?

3.5. Inaasahan ni Hesus ang pagsunod ng Kanyang mga alipin.

3.6. Si Kristo ang ating ipangaral at hindi ang ating sarili (2Cor.4:5).

4. **Si Maria ang huwarang alipin:**

4.1. **Mapagpakumbabang Serbisyo**. "Paanong mangyayari ito, gayong ako'y dalaga" (Lucas 1:34).

4.2. **Mapagpakumbabang Pagsunod**. "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi" (Lucas 1:38). Kahit hindi lubusang naintindihan ni Maria, sumunod siya.

4.3. **Mapagpakumbabang Panalangin**. "Ang puso ko'y nagpupuri sa Diyos na Tagapagligtas, dahil nilingap Niya ang Kanyang abang alipin" (Lucas 1:46-55).

4.4. **Mapagpakumbabang Pangangasiwa**."Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang–balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo" (Lucas 2:48)? Alam ni Maria na tinawag sila bilang mga katiwala upang pangalagaan ang anak ng Diyos.

4.5. **Mapagpakumbabang Kawanggawa**. "Naubusan sila ng alak" (Juan 2:3). Alam ni Maria ang kanilang pangangailangan at kung ano ang gagawin bilang bahagi ng kanyang kawanggawa.

4.6. **Mapagpakumbabang Payo**. "Gawin ninyo ang anumang iutos Niya" (Juan 2:5). Ito ang pinakadakilang payo sa atin: gawin ang anumang iutos sa atin ni Hesus.

**5. Boluntaryo o alipin ni Kristo at ang Kanyang Simbahan**

5.1. Ang boluntaryo ay hindi obligado, at hindi rin niya inaangkin ang lahat ng gawain. Sa isang banda, ang alipin ni Kristo ay gumagawa dahil iniutos ni Hesus.

5.2. Ang mga boluntaryo ay nakadadama ng galak kung mahusay ang resulta ng kanilang gawa. Ang alipin ay nasisiyahan kapag ang Diyos ay nagagalak.

**KONKLUSYON**:

Sinabi ni Hesus, "Kayo'y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos Ko." Gawin nating matalik na kaibigan si Hesus, at maging pinakamahusay na alipin Niya (Juan 15:14).

**PAGNINILAY:**

Ano ang plano mo para maging matalik na kaibigan si Hesus?

**Scribes Ministry: Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**https://lordsflock.org/digests**
Tags:#Serbisyo"Ministeryo#Disipulo